VAALIT
VAL

# IMPORMASYON TUNGKOL SA REHIYONAL AT MUNISIPAL NA HALALAN 2025

Sa Finland ay gaganapin ang rehiyonal at munisipal na halalan sa **Linggo, 13.4.2025**. Ang mga konseho ng munisipyo at mga konseho ng rehiyon ng mga rehiyon ng pangkapakanan ay inihahalal tuwing ika-apat na taon sa mga halalan sa rehiyon at munisipalidad.

Ang Finland ay nahahati sa mga munisipalidad, na may sariling pamahalaan ayon sa Konstitusyon (731/1999). Ang munisipyo ay may pananagutan sa pagpapatupad ng mga pangunahing serbisyo para sa maraming mga naninirahan nito. Ang pinakamataas na kapangyarihan ng munisipyo sa paggawa ng desisyon ay ginagamit ng inihalal na konseho.

Sa Saligang Batas ay itinakda din ang sariling pamahalaan sa mga administratibong lugar na mas malaki kaysa sa mga munisipalidad sa pag-aayos ayon sa batas. Noong 2021 sa Finland ay itinatag ang 21 rehiyong maayos ang kapakanang may sariling pamahalaan, na ang pananagutan ay inilipat mula sa munisipalidad sa pag-organisa ng mga operasyon sa pangangalaga sa lipunan at kalusugan pati ang kaligtasan. Sa rehiyong maayos ang kapakanan, ang pinakamataas na kapangyarihan sa paggawa ng desisyon ay ginagamit ng konseho ng rehiyon na inihalal sa mga halalan.

Ang mga halalan sa rehiyon at munisipyo ay hindi ginaganap sa lalawigan sa Åland. Ang mga residente ng lungsod ng Helsinki ay may karapatan lamang na bumoto sa mga munisipal na halalan, dahil ang Helsinki ay hindi kabilang sa anumang lugar na may maayos na kapakanan.

**Karapatang bumoto – sino ang maaaring bumoto?**

Ang isang paunang kinakailangan para sa karapatang bumoto sa mga halalan sa rehiyon at munisipalidad ay, kung ikaw ay umabot sa edad na 18 taong gulang sa araw ng halalan (Abril 13, 2025). Bilang karagdagan ay kailangan na ikaw ay mayroong tirahan sa Finland kagaya ng sumusunod:

- Isang mamamayan ng Finland o iba pang bansang kabilang sa *European Union*, mga mamamayan ng Iceland o Norway ay dapat na nakarehistro sa Finland bago ang ika-21 ng Pebrero 2025.
- Dapat na tuloy-tuloy na nairehistro ng mga mamamayan ng ibang mga bansa ang kanilang lugar ng paninirahan sa Finland nang hindi bababa sa dalawang taon bago ang Pebrero 21, 2025.

Ang munisipalidad na tahanan ay tinutukoy sa batayan ng Batas ng Munisipalidad ng tahanan (210/1994). Ang munisipalidad na tahanan ay karaniwang ito ang munisipalidad kung saan ka nakatira.

Sa halalan sa rehiyon at munisipalidad sa taong 2025, ikaw ay may karapatang bumoto sa munisipalidad at sa lugar ng may maayos na kapakanan sa munisipalidad, na nakarehistro sa sistema ng impormasyon ng populasyon ng iyong munisipalidad na tahanan sa Pebrero 21, 2025 ika-24.

Kung kinakailangan ay maaari mo´ng suriin ang impormasyon ng munisipalidad na tahanan sa *Digital and Population Information Agency*.

Sa munisipal na halalan, maaari ka lamang bumoto para sa kandidato ng iyong sariling munisipyo. Sa rehiyonal na halalan, maaari ka lamang bumoto para sa kandidato ng iyong rehiyong may maayos na kapakanan.
Ang pagboto sa mga halalan sa Finland ay kusang-loob.

**Ang abiso ng karapatang bumoto ay ipinapadala sa lahat ng may karapatang bumoto**

Ang *Digital and Population Information Agency* ay magtatatag ng isang rehistro para sa may mga karapatan sa pagboto sa panahon ng halalan, kung saan isasama ang lahat ng mga taong may karapatang bumoto sa rehiyonal at munisipal na halalan. Hindi mo na kailangang magparehistro nang hiwalay para sa talaan sa may mga karapatang bumoto.

Ang *Digital and Population Information Agency* ay magpapadala ng abiso tungkol sa karapatang bumoto para sa mga may karapatang bumoto bago ang **Marso 20, 2025**. Makatatanggap ka lamang ng abiso tungkol sa iyong mga karapatan sa pagboto sa elektronikong paraan, kung nagagamit mo ang serbisyong mensahe ng Suomi.fi (dagdag na impormasyon sa www.suomi.fi/viestit).

Ang abiso tungkol sa karapatang bumoto ay naglalaman ng mga tagubilin sa kung paano bumoto, isang listahan ng mga lokasyon ng maagang pagboto na malapit sa kung saan ka nakatira, at impormasyon tungkol sa iyong karapatan na bumoto. Hindi mo na kailangang dalhin pa ang abiso ng karapatang bumoto sa lugar ng botohan, sapat na ang isang kard ng pagkakakilanlan. Gayunpaman, dapat mo’ng dalhin ang abiso ng karapatan sa pagboto kung ikaw ay bumoto sa isang institusyon o sa ibang bansa.

**Pagiging karapat-dapat para sa halalan – sino ang maaaring maging isang kandidato?**

Maaari ka´ng maging isang kandidato *sa mga munisipal na halalan*, kung

- mayroon ka´ng tirahan sa munisipalidad sa munisipyo kung saan ka tumatayo bilang kandidato; at
- may karapatan ka´ng bumoto sa mga munisipal na halalan sa ilang mga munisipalidad sa Finland.

Maaari ka’ng maging kandidato *sa mga halalan sa rehiyon*, kung

- mayroon ka´ng tirahan sa munisipalidad sa lugar na may maayos na kapakanan, kung saan ka tumatayo bilang isang kandidato; at
- mayroon ka´ng karapatang bumoto sa mga halalan sa rehiyon sa isang lugar na may maayos na kapakanan.

Gayunpaman, ang ilang mga opisyal ng estado na nakalista sa *Welfare Areas Act* at *Municipalities Act*, pati na rin ang mga nangungunang opisyal at mga empleyado na may maayos na kapakanan o munisipalidad, ay hindi karapat-dapat para sa halalan. Ang mga taong ipinahayag na walang kakayahan sa pamamagitan ng desisyon ng korte ay hindi rin maaaring maging mga kandidato.

**Pagbibigay ng nominasyon s mga kandidato**

Ang mga kandidato ay maaaring nominado sa mga halalan sa rehiyon at munisipalidad

- mga rehistradong partido
- mga karapat-dapat na botante na nagtatag ng isang samahan ng mga botante

Ang mga kandidato para sa rehiyonal na halalan at mga kandidato para sa munisipal na halalan ay may hiwalay na nominasyon.

Ang mga partido ay magpapasya sa kanilang sariling mga kandidato ayon sa kanilang mga patakaran. Kung gusto mo’ng maging kandidato ng partido, dapat ka´ng sumasang-ayon dito kasama ang partido.

Upang maitaguyod ang isang samahan ng mga botante, kailangan ang sampung residente ng munisipalidad na mayroong karapatang bumoto sa halalan sa munisipalidad. Gayunpaman, sa mga munisipalidad na may maliit na populasyon, tatlo o limang residente ay sapat na upang maitatag ang isang samahan ng mga botante.

Sa rehiyonal na halalan, 50 residente ng parehong lugar na may maayos na kapakanang may karapatang bumoto ay kinakailangan upang magtatag ng isang samahan ng mga botante.

Ang mga aplikasyon para sa pagiging kandidato ay ipinapadala sa rehiyonal na lupon ng halalan sa bawat lugar na may maayos na kapakanan at sa munisipal na halalan sa Sentral Komisyon ng Halalan sa bawat munisipalidad.

Ang bawat opisyal na tinanggap na kandidato ay may sariling numero ng kandidato. Kung ang parehong tao ay isang kandidato sa parehong rehiyonal at sa munisipal na halalan, siya ay mayroong ibang numero ng kandidato sa rehiyonal na halalan at ibang numero ng kandidato sa mga munisipal na halalan. Para sa bawat halalan, isang kumbinasyon ng mga listahan ng kandidato na nakaprinta sa papel ay inihanda nang nakahiwalay para sa mga kandidato, kung saan ang mga kandidato ay inilalagay sa numerong pagkakasunod-sunod.

Ang mga kumbinasyon ng mga listahan ng mga kandidato ay itatakda sa ika-13 ng Marso 2025. Makikita ang mga ito, halimbawa, sa mga lugar ng botohan at sa *website* ng halalan ng Ministri ng Katarungan (www.vaalit.fi).

**Pagboto**

Maaari ka'ng bumoto alinman sa araw ng halalan, Linggo, Abril 13, 2025, o bago ang araw ng halalan sa panahon ng maagang pagboto.

Maaari ka'ng bumoto sa lahat ng lugar ng botohan nang sabay-sabay sa parehong rehiyonal at munisipal na halalan. Kung nais mo, maaari ka ring bumoto sa isa lamang sa mga ito.
Isang beses ka lang makakaboto sa bawat halalan.

Ang pagboto ay ginagawa sa pamamagitan ng isang purpura na balota para sa rehiyonal na halalan at sa pamamagitan ng isang puting balota sa munisipal na halalan.

***Maagang Pagboto:***
Ang maagang pagboto ay magsisimula sa **Miyerkules, Abril 2, 2025.**
Matatapos ang maagang pagboto sa ibang bansa sa **Sabado, Abril 5, 2025** at sa Finland sa **Martes, Abril 8, 2025**.

Ang mga lugar sa maagang pagboto ay maaaring magkaiba ang pagbubukas sa mga araw na ito.

Maaari ka'ng bumoto nang maaga sa kahit saang pangkalahatang lugar para sa maagang pagpapaboto sa Finland o sa ibang bansa.

Ang mga impormasyon tungkol sa pangkalahatang mga lugar sa maagang pagboto, tulad ng kanilang mga lokasyon at mga oras ng pagbubukas ay matatagpuan halimbawa sa kalakip kasama ng abiso ng mga karapatan sa pagboto at sa *website* sa www.vaalit.fi.

Bilang karagdagan sa mga pangkalahatang lugar ng maagang pagboto, ang maagang pagboto ay maaaring limitado sa mga institusyon, tulad ng mga ospital, mga yunit ng kapakanang panlipunan, mga garison at mga bilangguan, o sa mga barko ng Finland sa ibang bansa. Sa mga institusyon, tanging ang mga taong ginagamot o pinapapasok sa kanila lamang ang maaaring bumoto, sa mga barko naman ang mga tauhan lamang ng barko ang maaaring bumoto.

Ang isang botante, kung ang pagpunta sa lugar ng botohan ay nagdudulot ng sobrang hirap sa kanya, maaaring maagang bumoto sa bahay. Sa pagboto sa bahay ay kailangan mo´ng magparehistro sa Sentral Komisyon ng Halalan sa iyong munisipalidad nang hindi lalampas sa Abril 1, 2025 bago mag ika-4 ng hapon.

Kung ikaw ay nasa ibang bansa sa buong panahon ng pagboto at sa araw ng halalan, maaari ka ring bumoto mula sa ibang bansa sa pamamagitan ng sulat.

Upang bumoto sa pamamagitan ng koreyo, kailangan mo´ng mag-order ng materyales *para sa pagboto sa koreyo sa isang adres sa ibang bansa* mula sa serbisyo ng suskripsiyon ng Ministeryo ng Hustisya (www.vaalit.fi/kirjeaanestys).
***Pagboto sa araw ng halalan:***
Ang pagboto sa araw ng halalan ay sa **Linggo, Abril 13, 2025 mula ika-9 ng umaga hanggang ika-8 ng gabi.**

Sa araw ng halalan ay maaari ka lamang na bumoto sa lugar ng pagboto sa iyong munisipalidad, na nakalista sa abiso na ipinadala sa iyo tungkol sa mga karapatan sa pagboto.

Makakakuha ka ng mas detalyadong mga tagubilin sa proseso ng pagboto, halimbawa, mula sa iyong abiso sa karapatang bumoto, www.vaalit.fi o mula sa mga opisyal ng halalan sa lugar ng botohan.

**Karagdagang mga impormasyon**

- Ang karagdagang impormasyon tungkol sa mga halalan ay ibinibigay ng Sentral Komisyon ng Halalan ng iyong sariling munisipyo.
  Ang mga tanong pampersonal tungkol sa karapatang bumoto ay sasagutin ng *Digital and Population Information Agency*.
  Nakalahad sa abiso ng karapatan sa pagboto ang parehong impormasyon sa pakikipag-ugnayan.
- Makikita mo ang adres at mga oras ng pagbubukas ng mga lugar ng maagang pagboto, mga tagubilin sa pag-order ng postal sa pagboto sa pamamagitan ng koreyo, impormasyon tungkol sa mga kandidato at iba pa´ng impormasyon tungkol sa mga halalan sa *website* ng halalan ng Ministri ng Katarungan sa **www.vaalit.fi**.